Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-7 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 03 MARSO 2008, IKA 9:20 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Jocelyn G. Solabo
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Bernabe S. Mortel
Konsehal Edren Y. Faderon
Konsehal Napoleon M. Dimapilis
Konsehal Larry V. Salazar - Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento - Member, MSKF President

Hindi Nakadalo: W A L A

KAPASYAHAN BLG. 012
Taong 2008

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA NAULILA AT NAIWANG PAMILYA NG NAMAYAPANG LEO P. DIMATULAC, SR.

SAPAGKA'T, si G. Leo P. Dimatulac, Sr. ay isang dating lingkod-bayan, nagsilbing Punong Barangay sa Barangay Paclasan;

SAPAGKA'T, ang isang ama ng tahanan na nagsikap upang maitaguyod ang kapakanan ng kanyang asawa at mga anak ay isang malaking kawalan at nagdulot ng kalungkutan sa kanyang minamahal na pamilya;

SAPAGKA'T, sa paglisan ng itinuturing na kaibigan, kapatid at lider sa Barangay Paclasan ay ipinagdudalamhati ng lahat na sa kanya ay nagmamahal;

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan ng Roxas kasama ang mga namumuno at kawani ng Pamahalaang Lokal ay nagpapaabot ng tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati sa naulila at naiwang pamilya ng namayapang Leo P. Dimatulac, Sr.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Larry V. Salazar na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong naging Punong Barangay sa Barangay Paclasan, G. Leo P. Dimatulac, Sr. ang taospusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASIYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa maybahay, mga anak at kamag-anak ng namayapang Leo P. Dimatulac, Sr. lakip ang taospusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay: 03 Marso 2008

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan

PINAGTIBAY:

JACKSON CINCO DY
Punong Bayan

mem/030309